

## **Spay/Neuter o i-Kapon Ang Inyong Aso**

Ang pag spay/neuter o kapon ay isa sa mga pinakamagandang regalong maibibigay ninyo sa inyong alagang aso at sa inyong pamilya. Ang mga nakagawiang pamamaraang medikal na tulad nito ay hindi lamang makakatulong sa pagpipigil sa labis na populasyon sa ating mga alagang hayop, maari din nitong pigilian ang pagkakaroon ng problemang medikal at problema sa pag-uugali na makapagbibigay ng pagkakataon sa inyong aso na magkaroon ng mas mahaba, mas malusog at mas maligayang buhay.

### **Ano ang spaying/neutering o pag kapon?**

Ang spaying ay ang operasyon ng pagtanggal ng mga obaryo at bahay bata ng mga babaeng aso. Ang neutering naman ay ang pagtanggal ng itlog ng lalaking aso. Kahit na ang parehong klaseng operasyon ay madalas naisasagawa ng kakaunti lamang ang nagiging komplikasyon, ang mga lisensyadong beterinaryo lamang ang maaring magsagawa nitong mga ito.

Bago ang naturang operasyon, ang inyong beterinaryo ay pwedeng magsagawa ng kumpletong eksaminasyong pisikal ng inyong alagang aso o di kaya ay kumuha ng muwestra ng kanyang dugo para sa pagsusuri. Para mabawasan ang sakit at kakulangan sa ginhawa, ang mga naturang operasyon ay ginagawa sa ilalim ng general anesthesia. Matapos ang operasyon, tuturuan kayo ng inyong beterinaryo kung paano aalagaan ang inyong aso habang siya ay nagpapagaling. Karamihan ng mga aso ay bumabalik sa normal sa loob ng ilang araw lamang. Ang sugat gawa ng operasyon ay madalas na gumagaling sa loob ng dalawang lingo at ang tahi ay maaaring alisin sa follow-up appointment sa inyong beterinaryo.

### **Bakit ko dapat i-spay/neuter/kapon and aking aso?**

Ang pag spay/neuter/kapon ng inyong aso ay nakakapagpigil ng mga hindi kanais-nais na pagdami ng ating mga alaga pati ang pagbawas ng impluwensya ng sex hormones sa pag-uugali ng inyong alagang hayop. Milyon milyong mga hindi ginustong hayop ang napupunta lamang sa mga shelters o di kaya ay sa ating mga kalsada sa bawat taon. Kakaunti lamang ang masuswerteng naaampon; ang iba ay nayu-euthanize o namamatay dahil sa trauma, pagkakabilad sa mga elemento, gutom o sakit. Kapag inyong ipina-spay/neuter o kapon ang inyong aso, nakakatulong ka sa maiwasn ang trahediyang ito.

Ang mga hindi magandang pag-uugali ng mga aso ay maaari din maiwasan o mabawasan kapag ang inyong aso ay inyong pina-spay/neuter/kapon. Ang kanilang pag-uugaling sekswal sa parehong lalaki at babaeng aso ay nababawasan matapos ang operasyon. Ang pag neuter/kapon ng mga lalaking aso ay nakakabawas sa kanilang pag uudyok na gumala, pagmamarka ng ihi at ang kanilang ugaling pagsampa o pagpatong

sa ibang aso kahit sa mga tao. Maaari din itong makabawas sa ilang mga pag-uugaling agresibo. Sa mga babaeng aso, ang nakakaabalang “heat” cycle, kasama ng makalat at madugong regla ay hindi na muling mangyayari. Ang pag-spay/neuter/kapon ay nakakaalis o kung hindi man ay lubos na binabawasan ang pagtubo mga bukol na mammary sa babae at ang mga bukol na pang reproductibong parte ng mga katawan sa parehong kasarian.

### **Magbabago ba ang personalidad ng aso ko?**

Maliban sa mga nabanggit na positibong pagbabago sa pag-uugali, ang pag-spay/neuter/kapon ng inyong aso ay hindi maaaring makadulot ng pagbabago sa kanyang pangunahing personalidad. Ang kanyang pagiging mapaglaro at ang pangkalahatang antas ng aktibidad at kasiglahan, ay hindi karaniwang magbago. Ang inyong aso ay patuloy na makikisalamuha sa inyong pamilya katulad ng kung paano sya makitungo bago siya ma-operahan. Parehong lalaki at babaeng aso na na-kapon na ay may posibilidad na bumigat ang timbang, ngunit ang pagbigat ng timbang ay maaaring iwasan sa tamang pagkain at sapat na ehersisyo.

### **Kailan ko dapat i-spay/neuter/kapon ang aking aso?**

Ang mga aso na walong linggong gulang ay maaari nang i-spay/neuter/kapon ng ligtas. Mayroong mga pag-aaral na nagrerekomenda na ang mga asong lalaki ay dapat i-neuter/kapon bago umabot sa edad na anim hanggang walong buwan. Sa mga asong babae naman, ang pag-spay/kapon ay pinakamainam na gawin bago ang kanilang unang “heat” cycle. Kung kayo ay may mga katanungan, maaari ninyong kausapin ang inyong beterinaryo.

Ang maagang pag-spay/neuter/kapon a maaaring makaiwas sa mga problema sa pag-uugali bago pa ito magsimula. Kung hindi pa ito nagagawa, ang pag-spay/neuter/kapon ay dapat pag-isipan para sa mga alagang hayop na may problema sa pag-uugali, kahit anong edad pa ito. Para sa ilang pag-uugali, ang mga operasyong ito ay maaaring makabawas o makapagalis ng problema, kahit sa mga matatandang aso. Kumunsulta sa inyong beterinaryo o sa iba pang eksperto sa pag-uugali ng mga aso para sa karagdagang kaalaman.

\*Isinalin sa Filipino ni Jei Reodica - Volunteer Translator ng Phoenix Legacy of Compassion at Philippine Animal Rescue Team (PART)

\*Mula sa orihinal na panulat ni Dr. Karen Sueda, isang veterinary behavior resident sa University of California at Davis School of Veterinary Medicine, Clinical Animal Behavior Science.